## III. Kapital Access for Young Agripreneurs (KAYA) Loan Program

- isang *loan facility* para sa mga batang *agripreneurs* na may layuning hikayatin ang henerasyon ng mga pilipinong kabataan na maging pangunahing huwaran sa pagkamit ng isang *food-secure* na bansa na binubuo ng mga maunlad na magsasaka at mangingisda.

**Sino ang maaaring mag-aplay?**
- 18-30 taong gulang sa oras ng aplikasyon
- Nagtapos sa *formal* o *non-formal schooling* (kasama rito ngunit hindi limitado sa mga nagtapos ng degree na kaugnay ng agriculture at fishery mula sa higher education institutions, DA at ATI-accredited programs, TESDA programs, farm schools, at mga sekondaryang paaralan na kaugnay din ng kurso sa agriculture at fishery.
- Rehistrado sa Registry for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA) o sa Farmers and Fisherfolk Enterprise Development Information System (FFEDIS)

**Angkop na dahilan ng paghiram:**
Pondohan ang mga capital requirement ng start-up o kasalukuyang Agri-based business enterprises gaya ng working capital, pagkuha ng mga makinarya at kagamitan, at pagpapatayo ng pasilidad.

**Halaga ng maaaring mahiram:**
Makakautang na walang interes hanggang P500,000 na babayaran sa loob ng limang taon

*ang partner lending conduit ay maaaring mag-charge ng one-time service fee nang hanggang 3.5%

**Katuwang sa Pagpapahiram:**
Mga Government Banks at Non-Government Financial Institutions (NGFIs) gaya ng mga rural na bangko, kooperatibang bangko, at aktibong mga NGO

**Mga Dokumentong kailangan:**
1. Isang (1) Valid Government-issued ID with Picture;
2. Loan Application Form (During Loan Process);
3. Simple Business Plan; at
4. Certificate of Agri-Fishery Related Course/Training

Ang mga aplikante ay maaring bumisita sa website ng ACPC upang mag-register sa Online Loan Portal: acpc.gov.ph

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
REGION IV CALABARZON


**DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON**
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A


ONE DA
Masaganang ANI Mataas na KITA




# DA-ACPC CREDIT PROGRAMS FOR FARMERS

## Department of Agriculture
## Agricultural Credit Policy Council (ACPC)

### I. *Expanded SURE Aid and Recovery Project (SURE COVID-19)*

- ang pagpapahiram ng *working capital* upang maipagpatuloy ang operasyon at masiguro ang pagkakaroon ng suplay ng pagkain sa gitna ng COVID-19 pandemic.

**Sino ang maaaring mag-aplay?**
Mga MSE na may kaugnayan sa agrikultura at pangisdaan na maaaring single proprietorship, partnership, korporasyon o asosasyon

**Angkop na dahilan ng paghiram:**
Bibigyan ng pinansyal na tulong ang mga agribusiness na naglalayong:

- ✓ Bumili ng mga produktong *agri-fishery* at pangangailangan ng mga magsasaka at mangingisda
- ✓ Bayaran ang mga gastos sa transportasyon ng *delivery* sa pamilihan
- ✓ Bayaran ang sahod ng mga *emergency workers* na kinuha para sa delivery at pagtitinda (*drivers, sellers, helpers*)
- ✓ Para sa pagpoproseso ng mga produktong *agri-fishery*
- ✓ Para sa pangangalakal at paggawa ng mga agri-input na suplay at mga kagamitan
- ✓ Para sa iba pang suplay na gagamitin sa mga aktibidad na pang-agrikultura

**Halaga ng maaaring mahiram:**
Makakautang ng hanggang P10 milyon na *working capital* na babayaran sa loob ng limang taon at walang interes.

**Katuwang sa Pagpapahiram:**
Mga *Government Banks and Non-Government Financial Institutions (NGFIs)* gaya ng mga rural na bangko at mga kooperatibang bangko

**Mga Dokumentong kailangan:**
1. *Letter of Intent* kasama ng *Project Proposal;*
2. Kopya ng *registration documents*;
3. Kopya ng kasalukuyang *Audited Financial Statements* ng organisasyon; at
4. Pag-eendorso mula sa DA

### II. Agri-Negosyo (ANYO) *Loan Program*

naghahandog ng utang upang mapabilis ang produksyon at mapalaki ang kita ng sakahan, *agri-fishery income-generating activities*, at *non-farm enterprise.*

**Sino ang maaaring mag-aplay?**
- Mga rehistradong *Agri-fishery-based micro and small enterprises (MSEs)*
- Mga organisasyon, asosasyon o kooperatiba ng magsasaka at mangingisda
- Mga indibidwal na *Small Farmers and Fisherfolk (SFF)*

**Angkop na dahilan ng paghiram:**
**a.)** MSEs at mga organisasyon o asosasyon ng magsasaka
- Popondohan ang *capital requirements* para sa mga makinarya at kagamitan, konstruksyon ng mga pasilidad, at *working capital requirements* para sa mga *agri-fishery-based income-generating activities*

**b.) Indibidwal na SFF**
- Popondohan ang mga *agri-fishery-based income-generating activities*, pagpoproseso at marketing; o kombinasyon ng mga *agri-fishery income-generating activity* at *non-farm enterprise.*

**Halaga ng maaaring mahiram:**
Makakautang ng walang interes
a.) Indibidwal - hanggang P300,000.00;
b.) *Micro-enterprise* - hanggang P3 Milyon;
c.) *Small Enterprise* - hanggang P15 Milyon

**ang partner lending conduit ay maaaring mag-charge ng *one-time service fee* nang hanggang 3.5%

**LOAN MATURITY:**
Nakadepende sa *cash flow* ng proyekto ngunit hindi maaaring humigit sa limang (5) taon






**Mga Dokumentong kailangan:**
a.) MSEs at mga Organisasyon/Asosasyon
1. Letter of Intent kasama ng Project Proposal
2. Board Resolution na pinapayagan ang organisasyon/asosasyon na mag-aplay bilang borrower at tinatalaga ang mga authorized representatives na bumuo ng kasunduan sa ACPC;
3. Kopya ng registration documents;
4. Kopya ng kasalukuyang Audited Financial Statements ng organisasyon na may kasamang pruweba ng filing sa Bureau of Internal Revenue;
5. Pag-eendorso mula sa DA (sa Regional Field Office, Agribusiness and Marketing Assistance Service); at
6. Pruweba ng registration/enrollment sa FFEDIS

**b.) Indibidwal na SFF**
1. Isang (1) valid government-issued ID na may kasamang litrato;
2. Isang (1) 1x1 na litrato na kinuhanan sa loob ng nakaraang tatlong (3) buwan; at
3. Pruweba ng registration/enrollment sa RSBSA